



# Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit

Maaaring gamitin ng sinumang tao o entity na nagpapahayag ng Paghahabol laban sa Sound Transit para sa mga tort na pinsala ang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit (Sound Transit Claim Form) na ito o ang Standard na Pormularyo sa Paghahabol sa Tort ng Estado ng Washington (Washington State Standard Tort Claim Form). RCW 4.96 *et seq.* Maaaring makuha ang Standard na Pormularyo sa Paghahabol sa Tort ng Estado ng Washington mula sa (1) Washington State Risk Management Division of the Office of Financial Management; (2) web site ng Ahensiyang iyon; o (3) sa Sound Transit Risk Management Division.

**PAUNAWA:** Hindi alintana kung pipiliin mong gamitin ang Standard na Pormularyo sa Paghahabol sa Tort ng Estado ng Washington o ang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit, para maayos na maibigay ang iyong claim sa Sound Transit kailangan mong maihatid o maipadala sa sulat ang iyong nakumpletong form sa ang Sound Transit Board Administrator, Sound Transit's agent para matanggap ang lahat ng mga paghahabol para sa pinsala sa tort, alinsunod sa RCW 4.96.020. HUWAG isumite ang iyong piniling Pormularyo sa Paghahabol sa Washington State Office of Financial Management, Risk Management Division, tulad ng nakalathala sa pormularyo ng Estado ng Washington.

Ang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit na ito ay maaari ding gamitin upang magsumite ng isang paghahabol para sa mga layuning pang-seguro (insurance) ng mga kontratista ng Sound Transit.

Ang kabiguang ipresinta ang pormularyong ito sa Sound Transit nang napapanahon pagkatapos ng anumang di-umano'y pinsala ay maaaring makahadlang at/o makaantala sa anumang pagbabayad sa nagastos, kahit pa maaaring balido ang iyong paghahabol.

ALINSUNOD SA RCW 4.96.020(2), PARA MAAYOS NA MAIPRESENTA ANG IYONG CLAIM, KAILANGAN MONG IHATID NG PERSONAL O SA PAMAMAGITAN NG REGULAR NA SULAT, REGISTERED MAIL, O CERTIFIED MAIL, NA MAYROONG RETURN RECEIPT HUMILING NG KUMPLETONG CLAIM FORM SA SOUND TRANSIT'S AGENT PARA MAKATANGGAP NG MGA CLAIM PARA SA PINSALA TULAD NG MGA SUMUSUNOD:

**Ms. Katie Flores**  
Board Administration  
Central Puget Sound Regional Transit Authority  
d/b/a Sound Transit  
401 S. Jackson St.,  
Seattle, WA 98104-2826

**Oras ng Negosyo: 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.**  
Lunes hanggang Biyernes  
Sarado tuwing Sabado at Linggo,  
at sa mga pista-opisyal ng  
Estado ng Washington

**MGA TAGUBILIN PARA SA PAGKUMPLETO NG PORMULARYO SA PAGHAHABOL NG SOUND TRANSIT;** Ito ay isang .pdf form punan sa online at i-print para sa pagsumite sa Board Administrator. (Mangyaring Mag-type o Mag-sulat nang Malinaw – Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo upang sagutan ang anumang aytem, mangyaring gamitin ang likod o ikalawang pahina ng pormularyong ito o maglakip ng (mga) hiwalay na pahina. – Mangyaring ibigay ang lahat ng hinihinging impormasyon at anumang makukuhang dokumento o ebidensiya na sumusuporta sa iyong paghahabol, tulad ng mga litrato, mga video, patunay ng pagmamay-ari at mga tantiya ng pinsala sa ari-arian, medikal na mga rekord at mga bill para sa pinsala sa katawan, at iba pa).

Kahoy	Pangalan	Paglalarawan
1.	Pangalan ng Naghahabol:	Itala ang pangalan ng tao, kompanya o negosyo na nagpapahayag ng paghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(i).
2.	Titulo ng Naghahabol:	Itala ang Titulo ng tao, kompanya o negosyo na nagpapahayag ng paghahabol. (Para sa kompanya o negosyo, itala ang klase ng negosyo at ang pangalan at titulo ng tao para sa pakikipag-ugnayan. Maaari mo itong iwanang blanko kung ang Naghahabol ay isang Miyembro ng Publiko).
3.	Petsa ng Kapanganakan ng Naghahabol:	Itala ang Petsa ng Kapanganakan ng taong nagpapahayag ng paghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(i).
4.	Address ng Tirahan ng Naghahabol at ang Oras ng Insidente at ang Di-umano'y Pinsala sa Katawan o Pinsala:	Mangyaring ibigay ang kumpletong address ng Naghahabol sa oras ng insidente na nagdudulot ng paghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(vii).
4a.	Address ng tirahan ng claimant sa oras ng Pagpresenta ng Claim kung iba kaysa nasa itaas:	Mangyaring magbigay ng kumpletong address ng Naghahabol sa oras ng pagpresenta ng paghahabol sa Sound Transit, kung iba mula sa tirahan ng Naghahabol sa oras ng insidente at pinaghihinalaang injury o pinsala. RCW 4.96.020(3)(a)(vii).
5.	E-Mail Address ng Naghahabol:	Mangyaring ibigay ang kompletong email address ng Naghahabol.
6.	Telepono ng Naghahabol: # sa Tirahan, # ng Cell, at # sa Trabaho:	Mangyaring ilista ang kasalukuyang mga numero sa tirahan, ng cell, at sa trabaho ng Naghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(i).
7.	Petsa at Oras ng insidente at di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala:	Mangyaring ilagay ang petsa at oras ng insidente at ang di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala (buwan-araw-taon). RCW 4.96.020(3)(a)(iv).

8.	Lokasyon kung saan nangyari ang insidente at di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala:	Mangyaring magbigay ng paglalarawan ng eksaktong lokasyon kung saan nangyari ang insidente at ang di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala. Magbigay ng address ng kalye kung posible. RCW 4.96.020(3)(a)(iv).
9.	Uri ng Pinsala sa Katawan o Pinsala:	Mangyaring i-tsek ang lahat ng kahon na pinaka-eksaktong naglalarawan ng di-umano'y pinsala sa katawan ng Naghahabol. (Maaaring pumili ng higit sa isang kahon.)
10.	Ilarawan ang pag-uugali at pangyayari na nagiging sanhi ng pinsala:	Mangyaring magbigay ng kompletong paglalarawan ng asal at mga pangyayaring nagdulot ng di-umano'y pinsala sa katawan o pinsala, at ng detalyadong paglalarawan ng uri ng di-umano'y pinsala sa katawan at/o pinsala ng Naghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(ii) at (iii). MANGYARING I-TYPE O I-PRINT NANG MALINAW. Magbigay ng maraming detalye hangga't maaari. Kung ang pagkakaroon ng di-umano'y pinsala o pinsala sa katawan ay kinasasangkutan ng mga umaandar na sasakyan, tukuyin ang mga sasakyan, ibigay ang direksiyon ng biyahe, ang mga lugar ng bangga sa daanan ng sasakyan at sa bawat sasakyan, ang mga kontrol ng trapiko, ang pinsala sa bawat sasakyan, ang pagkakakilanlan ng bawat taong nagkaroon ng pinsala sa katawan, at ang uri ng pinsala sa katawan. Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, mangyaring gamitin ang likod o pangalawang pahina ng pormularyong ito o maglakip ng (mga) hiwalay na pahina. Bukod dito, mangyaring magbigay ng mga kopya ng mga litrato, video, at iba pang mga dokumento o materyal na may kinalaman sa insidente, sa pinsala sa katawan o pinsala ng Naghahabol, o sinumang taong sangkot sa insidente.
11.	Kung ang Ari-arian o Nasangkot na Sasakyan, Pangalan ng Nakarehistrong May-ari, Address at Telepono kung iba sa Naghahabol:	Kung ang insidente kabilang ang ari-arian o sasakyan o heavy equipment, mangyaring ibigay ang Pangalan ng Nakarehistrong May-ari, Address, at Numero ng Telepono; at ang Taon, Gumawa, Modelo, # ng Lisensya, at Estado kung saan inisyu ang license plate. Kung sangkot ang higit sa isang sasakyan o mabigat na kagamitan, mangyaring magbigay ng parehong impormasyon sa paglalarawan para sa bawat isa sa pamamagitan ng paggamit ng likod o pangalawang pahina ng pormularyong ito o sa pamamagitan ng paglakip ng hiwalay na (mga) pahina.
12.	Halaga ng Pinsala na Hinahabol:	Mangyaring magbigay ng kabuuang halaga ng pinsala na hinahabol ng Naghahabol na nakapahayag sa salapi ng Estados Unidos. RCW 4.96.020(3)(a)(vi).
13.	Naiulat na ba ang insidente, pinsala sa katawan o pinsala sa kompanya ng seguro ng Naghahabol?	Mangyaring i-tsek ang "Oo" o "Hindi" na kahon.
14.	Naiulat ba sa Nagpapatupad ng Batas? Kung hindi iniulat, ano ang dahilan?	Mangyaring i-tsek ang alinman sa "Oo" o "Hindi" na kahon. Kung ang insidente ay hindi iniulat sa ahensiya sa pagpapatupad ng batas, mangyaring magbigay ng pagpapaliwanag, kung alam mo ito.
15.	Ahensiya sa Pagpapatupad ng Batas:	Mangyaring ibigay ang pangalan ng Ahensiya sa Pagpapatupad ng Batas kung saan iniulat ang insidente.
16.	# ng Ulat (Report):	Kung mayroong anumang ahensiya sa pagpapatupad ng batas na nag-imbesta sa insidente, mangyaring ibigay ang numero ng ulat, kung alam mo ito. Hindi kinakailangang maghintay sa paglabas ng ulat bago ihatid o ipadala sa pamamagitan ng koreo ang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit na ito.
17.	May mga litrato bang kinuha?	Mangyaring i-tsek ang "Oo" o "Hindi" na kahon. Kung may mga litratong kinuha, mangyaring magbigay ng mga kopya kasama ang pormularyong ito sa Sound Transit.
18.	Binigyan ng sitasyon?	Mangyaring i-tsek ang "Oo" na kahon kung may binigay na sitasyon sa sinumang taong sangkot sa insidente. Kung hindi, i-tsek ang "Hindi" na kahon.
19.	Mayroon na bang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit na dati nang naihanda ukol sa insidenteng ito?	Kung alam mong may Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit na dating isinumite sa Sound Transit Risk Management Division ukol sa insidenteng ito, mangyaring i-tsek ang "Oo" na kahon at magbigay ng kopya kasama ang pormularyong ito, kung may access ka sa Ulat ng Insidente (Incident Report). Kung hindi, mangyaring i-tsek ang "Hindi" na kahon.
20.	Ilista lahat ng Taong sangkot at/o Mga Saksi:	Kung alam mo, mangyaring ibigay ang buong pangalan, address, at numero ng telepono ng lahat ng mga taong sangkot sa insidente o ang mga nakasaksi sa insidente o sa di-umano'y pinsala sa katawan o pinsala ng Naghahabol. RCW 4.96.020(3)(a)(v). Mangyaring ibigay ang uri ng kanilang pagkakasangkot (hal., pasahero, ibang drayber, taong naglalakad, iba pa) at/o kung sila ay mga saksi. Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, mangyaring gamitin ang likod o pangalawang pahina ng pormularyong ito o maglakip ng hiwalay na (mga) pahina.
21.	Sino ang nag-uulat ng insidente at di-umano'y pinsala sa katawan o pinsala?	Upang maipahiwatig kung sino ang kumompleto at nagsusumite ng Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit, mangyaring i-tsek lahat ng kahon na naayon. (Ang taong kumompleto ng pormularyong ito ay isa bang Naghahabol, Hindi Naghahabol, Miyembro ng Publiko, Tauhan ng Sound Transit, Tauhan ng Kontratista ng Sound Transit, o Iba pa?)
22.	Pirma ng Naghahabol o Kinatawan ng Naghahabol:	Ang Pormularyo sa Paghahabol ay KAILANGANG pirmahan ng Naghahabol, na magpapatunay ng paghahabol, ng attorney-in-fact ng Naghahabol, Abogado ng Naghahabol (pinapahintulatang magpraktis ng batas sa Estado ng Washington), o ng tagapag-alagang inaprubahan ng korte o ng tagapangasiwa ng usapin (guardian ad litem) sa ngalan ng Naghahabol. RCW 4.96.020(3)(b). Ang Pormularyo sa Paghahabol ay KINAKAILANGANG mayroong orihinal na pirma.
23.	Petsa at Lugar (Lungsod/Estado):	Mangyaring ilagay ang petsa (buwan-araw-taon) at pangalan ng Lungsod at Estado kung saan mo pinipirmahan ang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit.
24.	I-print ang Pangalan at Titulo ng Pumipirma:	Kung ang pormularyong ito ay pinirmahan ng ibang tao na hindi ang Naghahabol, mangyaring i-print ang pangalan at titulo ng pumipirma. <b>PAUNAWA:</b> SA ILALIM NG BATAS NG WASHINGTON, RCW 4.96.020(3)(b), MAY IILANG TAO LAMANG ANG MAAARING BALIDO NA PUMIRMA PARA SA NAGHAHABOL. TINGNAN ANG MGA TAGUBILIN PARA SA ITEM 26. SA ITAAS. KUNG ANG PUMIPIRMA AY HINDI ISA SA MGA TAONG LEGAL NA AWTORISADONG PUMIRMA PARA SA NAGHAHABOL, ANG PAGPRESINTA NG PAGHAHABOL SA SOUND TRANSIT AY MAAARING MAGING WALANG BISA NA MAAARING MAKAAPEKTO SA MGA LEGAL NA KARAPATAN NG NAGHAHABOL, KASAMA ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, PAGBABAWAL SA NAGHAHABOL MULA SA PAGDADALA NG PAREHONG PAGHAHABOL O PAGHAHAIN NG DEMANDA NA MAY KINALAMAN SA PAREHONG INSIDENTE LABAN SA SOUND TRANSIT SA HINAHARAP DAHIL SA APLIKASYON NG BATAS NG LIMITASYON (STATUTE OF LIMITATION). RCW 4.96.020(3)(b).

# Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit

ANG ISANG PAGHAHABOL PARA SA MGA PINSALA AY KAILANGANG IPRESINTA SA SOUND TRANSIT BOARD ADMINISTRATOR SA PAMAMAGITAN NG PERSONAL NA PAGDADALA O SA PAMAMAGITAN NG KOREO. TINGNAN ANG MGA TAGUBILIN. RCW 4.96.020

Ang mga paghahabol na kinasasangkutan ng mga pinsala sa katawan dulot ng pangangalagang pangkalusugan ay pinamumunuan lamang ng mga pamamaraan na ipinahayag sa RCW 7.70 at ang mga ito ay hindi saklaw mula sa RCW 4.96. Sa ilalim ng Public Disclosure Act (RCW 42.56) ang pormularyo sa paghahabol na ito at anumang dokumento na isinumite kasama ang pormularyo sa paghahabol na ito ay itinuturing na mga pampublikong tala at ang mga ito ay sasailalim sa pagpapahayag.

Maaaring isumite ng Sound Transit ang Pormularyo sa Paghahabol na ito sa isa o higit pa sa mga Kompanya sa Seguro nito. MANGYARING MAABISUHAN NA KRIMEN ANG SADYANG PAGBIGAY NG HINDI TOTOO, HINDI KUMPLETO O NAKALILINLANG NA IMPORMASYON SA ISANG KOMPANYA SA SEGURO PARA SA LAYUNIN NA DAYAIN ANG KOMPANYA. KABILANG SA MGA PARUSA ANG PAGKAKAKULONG, MGA MULTA, AT PAGTANGGI SA MGA BENEPISYO SA SEGURO. RCW 48.135.080

1. Pangalan ng Naghahabol:	4. Address ng Naghahabol sa Oras ng Insidente at ang Di-umano'y Pinsala sa Katawan o Pinsala:  4a. Address ng Naghahabol sa Oras ng Pagpresenta ng Paghahabol (Kung iba mula sa itaas):	
2. Titulo ng Naghahabol:	5. Email ng Naghahabol:	
3. Petsa ng Kapanganakan ng Naghahabol:	6. # ng Telepono ng Naghahabol:	# sa Trabaho:  # sa Tirahan: # ng Cell:
7. Petsa at Oras ng insidente at di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala:	9. Uri ng Pinsala sa Katawan o Pinsala: (I-tsek lahat ng naaangkop) <input type="checkbox"/> Pinsala sa Katawan <input type="checkbox"/> Parehong Ari-arian at Pinsala sa Katawan <input type="checkbox"/> Kinakailangang Tulong <input type="checkbox"/> Medikal Pinsala sa Ari-arian Pakilarawan Ang Pinsala:	
8. Lokasyon kung saan nangyari ang insidente at di-umano'y pinsala sa katawan o nangyaring pinsala:		
10. Harawan ang pag-uugali at pangyayari na nagiging sanhi ng pinsala:	11. Kung ang Ari-arian o Nasangkot na Sasakyan, Pangalan ng Nakarehistrong May-ari, Address at Telepono kung iba sa Naghahabol:  Taon/Tatak/Modelo:  # ng Lisensiya/Estado:	
12. Halaga ng Pinsala na Hinahabol:	13. Ang insidente, sugat o pinsala ba ay nai-ulat na sa insurance na kumpanya ng naghahabol? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	
14. Nai-ulat ba sa Nagpapatupad ng Batas? Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/> Kung hindi naiulat, bakit hindi?:	15. Ahensiya sa Pagpapatupad ng Batas:  16. # ng Ulat (Report):	
17. May mga litrato bang kinuha? Oo <input type="checkbox"/> (mangyaring ilakip) Hindi <input type="checkbox"/>	18. Binigyan ng sitasyon? Oo <input type="checkbox"/> Hindi <input type="checkbox"/>	
19. Mayroon na bang Pormularyo sa Paghahabol ng Sound Transit na dati nang naihanda ukol sa insidenteng ito? <input type="checkbox"/> Oo ( Kung oo, mangyaring i-attach ang Ulat ng Insidente) <input type="checkbox"/> Hindi		
20. Ilista ang lahat ng kasangkot Tao/Saksi:	Address at # ng Telepono:	Nature ng Pagkakasangkot/Saksi:
21. Sino ang nag-uulay ng insidente at di-umanong pinasala o sugat (Paki tsek lahat ng maaari)? <input type="checkbox"/> Naghahabol <input type="checkbox"/> Mga Kinatawan ng Naghahabol <input type="checkbox"/> Sound Transit Tauhan <input type="checkbox"/> Iba pa:		
22. Sa ilalim ng kaparusahan sa pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa (perjury) ng mga batas ng Estado ng Washington, ipinapahayag ko na ang mga nasa itaas ay totoo at wasto - Pirma ng Naghahabol o ng Kinatawan ng Naghahabol:		
23. Petsa at Lugar (Lungsod/Estado):	24. I-print ang Pangalan at Titulo ng Pumipirma:	

